

Mas malaking multa para sa ilegal na pagpatay, hindi na-inspeksyon na karne

Oktubre 30, 2024 [Mga tanong sa Media](#)

Bilang tugon sa pagtaas ng ilegal na pagpatay at pagbebenta ng hindi na-inspeksyong karne, ang pamahalaan ng Alberta ay nagdaragdag ng mga multa upang protektahan ang mga mamimili.

Ang pagbebenta ng hindi na-inspeksyon na karne ay ilegal sa Alberta. Ang ilegal na pagpatay at hindi pagsunod sa kaligtasan ng pagkain ay nagdudulot ng panganib sa kalusugan ng tao at hayop at maaaring makapinsala sa buong industriya ng pagpoproseso ng mga hayop at karne ng Alberta. Kung maipapasa, ang *Batas ng Pagbabago sa Pag-inspeksyon ng Karne (Meat Inspection Amendment Act)* ay magtataas ng mga multa mula sa pinakamataas na \$10,000 hanggang \$100,000 sa bawat pagkakasala.

Ang pamahalaan ng Alberta ay nagmumungkahi na taasan ang mga multa na ito upang matiyak na may makahulugang pagpigil, upang ang mga nagkasala ay maudyukan na sumunod sa *Batas sa Pag-inspeksyon ng Karne*. Ang mga iminungkahing pagbabago ay susuportahan ang kaligtasan ng pagkain para sa mga Albertan nang hindi tumataas ang mga gastos ng mamimili para sa ininspeksyong karne o mga gastos sa pagpapatakbo para sa industriya. Ang mga pagbabago ay nagmumungkahi ng mga mas mataas na multa para sa mga gumagawa ng isang pagkakasala sa ilalim ng *Batas sa Pag-inspeksyon ng Karne* at iihahanay ang Alberta sa ibang mga hurisdiksyon.

“Kami ay kumikilos upang mapanatili ang tiwala ng publiko sa ating sistema ng pagkain. Matindi kong hinihikayat ang lahat ng mga Albertan na bumili ng kanilang karne mula sa mga lisensyadong nagpapatakbo at mga nagtitingi, at habang bumibili ng karne, tanungin ang iyong nagtitingi kung saan nanggagaling ang karne at kung ito ay nainspeksyon.”

RJ Sigurdson, Ministro ng Agrikultura at Patubig

Bilang karagdagan sa pagtaas ng mga multa, ang mga pagbabago ay magpapahaba sa dami ng oras upang imbestigahan at magsampa ng mga sakdal para sa iligal na pagpatay at pagbebenta ng hindi na-inspeksyon na karne. Sa kasalukuyan, pinapayagan ng batas ang mga inspektor isang taon pagkatapos ng pagkakasala na imbestigahan ang mga alegasyon ng iligal na pagpatay o pagbebenta ng hindi na-inspeksyon na karne. Kung maipapasa, ang takdang panahon ng imbestigasyon para sa isang kumplikadong kaso ay pahahabatin sa dalawang taon mula sa petsa na ang pagkakasala ay dumating sa atensyon ng isang inspektor.

“Ang kaligtasan sa pagkain ay isang bagay na pinababayaan ng karamihan sa mga Albertan dahil ang Alberta ay may ilan sa mga pinakamahuhusay na tao sa ating lalawigan at bansa na nagmamalasakit sa ating kalusugan. Parehong nasa isip ng mga pederal at panlalawigang lupon na tagapamahala ang pinakamahusay na interes ng lahat ng mga Albertan kapag lumalabas sila araw-araw upang gawin ang kanilang mga trabaho. Iyon ang dahilan kung bakit ang mga pagbabago ay kinakailangan at ginawa, upang mapabuti ang pangkalahatang kaligtasan sa pagkain at palakasin ang ating mga batas at mga regulasyon sa lalawigan, upang maprotektahan ang kalusugan at kaligtasan ng lahat ng mga Albertan.”

Mike Bouma, pangkalahatang tagapamahala, Mga Karneng Pampamilya (Family Meats)

“Bilang isang tagapagsaliksik sa kaligtasan at kalidad ng karne, pinupuri ko ang pamahalaan ng Alberta para sa kanilang mga iminungkahing pagbabago sa *Batas sa Pag-inspeksyon ng Karne*. Ang malaking pagtataas sa mga parusa para sa paglabag sa *Batas sa Pag-inspeksyon ng Karne* ay makakatulong upang matiyak na ang karne na makukuha ng mga mamimili ay ligtas para sa pagkonsumo.”

Lynn McMullen, propesor emerita, Unibersidad ng Alberta

Mga mabilis na katotohanan

- Ang pagbebenta ng hindi na-inspeksyon na karne ay ilegal sa Alberta.
- Ang anumang karne o produktong karne na ibinebenta o ipinamahagi sa Alberta ay dapat na magmula sa isang na-inspeksyon na pasilidad ng pagkatay (abattoir) o pasilidad ng pagpoproseso.
- Ang mga inspektor ng karne ng pamahalaan ng Alberta ay nasa lugar sa mga pasilidad ng pagkatay (abattoir) na lisensyado ng lalawigan upang matiyak na ang karneng idinudulot ay ligtas para sa pagkonsumo.

- Kung kinakailangan, ang Alberta ay nagbibigay ng karagdagang mga araw ng pag-inspeksyon ng pagkatay sa mga pasilidad na lisensyado ng lalawigan, kabilang ang mga katapusan ng linggo, upang suportahan ang mga kultural na pagdiriwang.
- Ang Alberta ay naglilisensya ng 121 mga pasilidad ng pagkatay (abattoir) na gumagawa ng na-inspeksyong karne sa ilalim ng pangangasiwa ng mga panlalawigang inspektor ng karne.
- Ang Alberta ay mayroong 65 mga inspektor ng karne at espesyalista sa programa na sumusuporta sa paglilisensya, mga pag-inspeksyon at pagsubaybay.

Kaugnay na impormasyon

- [Batas sa Pag-inspeksyon ng Karne](#) – mga tuntunin sa pagkatay at pagbebenta ng na-inspeksyong karne
- [Direktoryo ng mga lisensyadong operasyon ng pagkatay](#) – mga pasilidad ng pagkatay (abattoir), mga mobile na tagakatay, mga pasilidad ng mobile na tagakatay at mga operasyon ng pagkatay sa bukid
- [Mga mapagkukunan para sa mga operasyon ng lisensyadong pagkatay ng lalawigan](#)
- [Batas 28: Batas ng Pagbabago sa Pag-inspeksyon ng Karne](#)

Multimedia

- [Panoorin ang kumperensya ng balita](#)
- [Makinig sa kumperensya ng balita](#)

Mga katanungan sa media

[Darby Crouch](#)

587-335-6934

Kalihim ng Press, Agrikultura at Irigasyon